Ang Kwento ng Diyos at Ang Kwento Natin

(Mga sagot sa ating katanungan)

Paunang Salita

Sa maraming nagdaang taon, gumagamit ang mga anak ng Diyos ng mga naipong sagot sa mga tanong tungkol sa katotohanan ng Diyos upang magabayan ang bawat Kristiyano ng mga mahahalagang aral patungkol sa paglago ng kanilang pananampalataya. Ang aklat na ito ay magsisilbing gabay sa mga katotohanan ng pananampalataya* sa Panginoong* Hesus para sa bagong henerasyon.
Mayroong 64 na mga katanungan at sagot.
This book contains 64 Questions and Answers. This book is written with readers of English as a Second Language in mind. It is constructed in a way that makes translation into other languages simpler. Each question is immediately followed by an answer. Each answer is followed by selections from the Bible. Each Bible selection includes the title of the book, (for example: Genesis). The book name is followed by the chapter where the selection is found (for example: chapter 2). This is followed by the verse or verses where the selection is found (for example: verse 3). So, Genesis chapter two and verse three would look like this: Genesis 2:3.

Isang halaw ng: The Clear and Simple Media Group

Mga payo at tulong editoryal mula sa:
Wycliffe Associates (U.K.)

UNANG BAHAGI
DIYOS AT TAO

Tanong 1 hanggang 26

PANGALAWANG BAHAGI
KASALANAN*

Tanong 27 hanggang 35

PANGATLONG BAHAGI
ANG TAGAPAGLIGTAS*: HESU KRISTO*

Tanong 36 hanggang 56

PANGAPAT NA BAHAGI
PAG-ASA

Tanong 57 hanggang 64

Kapag nakita mo ang asterisk (*) sa hulihan ng isang salita, hanapin ang mas malawak na kahulugan nito na matatagpuan sa Listahan ng mga Salita sa dulo nitong aklat.

UNANG BAHAGI
DIYOS AT TAO

Q.1. Sino ang gumawa sayo?
A. Ang Diyos ang gumawa sa akin.
Genesis 1:26-27; Genesis 2:7; Mga Gawa 17:26

Q.2. Ano pa ang mga ginawa ng Diyos?
A. Ang lahat ng bagay ay ginawa ng Diyos.
Genesis 1:31; Mga Awit 33:6-9; Mga Taga-Colosas 1:16-17

Q.3. Bakit ginawa ng Diyos ang lahat ng mga ito?
A. Ikaw at ang lahat ng bagay ay ginawa ng Diyos para sa kanyang kaluwalhatian*.
Mga Awit 19:1; Isaias 43:7; 1 Mga Taga-Corinto10:31

Q.4. Paano natin binibigyan ng kalualhatian* ang Diyos?
A. Sa pamamagitan ng ating pagmamahal, pagtitiwala*, at pagsunod sa kanyang mga salita.
Mateo 5:16; Juan 14:21; 1 Juan 5:3

Q.5. Bakit kailiangang natin bigyan ng kalualhatian* ang Diyos?
A. Dahil ako ay ginawa nya, minamahal, at inaalagaan.
Mga Awit 145:9; 1 Pedro 5:7; Pahayag 4:11

Q.6. Gaano karami ang diyos-diyosan?
A. Nag-iisa lamang ang Tunay na Diyos.
Deuteronomio 6:4; Isaias 45:5; Jeremias 10:10

Q.7. Ilang persona mayroon ang Tunay na Diyos?
A. Isang Diyos na may tatlong persona.
Mateo 3:16-17; Juan 5:23; Juan 10:30; Juan 15:26

Q.8. Ano ang tatlong persona ng Diyos?
A. Sila ang Diyos Ama, ang Diyos Anak, at ang Diyos at Banal* na Espiritu*
Mateo 28:19; 2 Mga Taga-Corinto 13:14; 1 Pedro 1:2

Q.9. May katawan ba ang Diyos?
A. Ang Diyos ay Espiritu.* Wala itong katawan na katulad nang tao.
Juan 4:24; 2 Mga Taga-Corinto 3:17; 1 Timoteo1:17

Q.10. Paano nagsimulang magkaroon ng Diyos?
A. Mayroon nang Tunay na Diyos bago pa nabuo ang lahat ng bagay
Exodo 3:14; Mga Awit 90:2; Isaias 40:28

Q.11. Nagbabago Ba Ang Diyos?
A. Ang Diyos ay hindi nagbabago.
Mga Awit 102:26-27; Malakias 3:6; Mga Hebreo 13:8

Q.12. Nasaan ang Diyos?
A. Kasama natin ang Diyos kahit saan.
Mga Awit 139:7-12; Jeremias 23:23-24; Mga Gawa 17:27-28

Q.13. Nakikita ba natin ang Diyos?
A. Hindi man natin Sya nakikita, tayo ay laging Nyang binabantayan.
Mga Awit 33:13-15; Mga Kawikaan 5:21; Juan 1:18; 1 Timoteo1:17

Q.14. Alam ba ng Diyos ang lahat ng bagay?
A. Oo, alam ng Diyos ang lahat ng bagay. Wala akong pwedeng itago sa Kanya.
1 Samuel 2:3; Mga Kawikaan 15:3; Mga Hebreo 4:13

Q.15. May kakayanan ba ang Diyos gawin ang lahat ng bagay?
A. Oo, kaya ng Diyos na gawin ang lahat ng nais Nya batay sa kanyan Banalan* at kabutihan.
Isaias 46:9-10; Daniel 4:34-35; Mga Taga-Efeso 1:11

Q.16. Paano ko makikilala, magtitiwala*, mamahalin, at susundan ang utos ng Diyos?
A. Tinuturuan tayo na makilala, mahali at sumunod sa Diyos ng buong puso sa pamamagitan nang pagbabasa ng Bibliya.
Mga Awit 119:104-105; Juan 20:30-31; 2 Timoteo 3:15

Q.17. Ano ba ang tinuturo ng Bibliya?
A. Tinuturo ng Bible ang mga katotohanang patungkol sa Diyos at sa kanyang planong iligtas* sa kasalanan ang sangkatauhan sa pamamagitan ni Hesus. Tinuturo din ng Bibliya ang mga katotohanan patungkol sa aking buhay.
Mga Awit 119:159-160; Juan 17:17; 2 Timoteo 3:14-17

Q.18. Sino ang nagsulat ng Bibliya?
A. Ang nagsulat ng Bibliya ay mga taong ginabayan ng Banal* na Espiritu*.
2 Pedro1:20-21; 2 Pedro3:15-16

Q.19. Sino ang aming unang magulang?
A. Ang una nating mga magulang ay sina Adan at Eba.
Genesis 3:20; Genesis 5:1-2

Q.20. Paano ginawa ng Diyos ang ating unang magulang?
A. Ginawa ng Diyos si Adan mula sa alabok ng lupa. Ginawa ng Diyos si Eba mula sa katawa ni Adan.
Genesis 2:7; Genesis 2:21-23; Genesis 3:19; Mga Awit 103:14

Q.21. Papaano naiiba sina Adan at Eba sa ibang mga nilikha ng Diyos?
A. Ginawa ng Diyos sina Adan at Eba sa kanyang sariling imahe.
Genesis 1:26-27

Q.22. Papaano natin makikita ang imahe ng Diyos kina Adan at Eba?
A. Binigyan sila ng Diyos ng kapangyarihang mamahala sa kanyang mga nilikha. Maaari nilang malaman at maunawaan ang katotohanan, mahalin kung ano ang tama, at tamasahin ang kagandahan ginawa ng Diyos. Maaari nilang gawin kung ano ang nakalulugod sa Diyos. Maari silang makipag-usap sa Diyos at sa bawat isa.
Genesis 1:26-27; Genesis 2:7-9; Mga Awit 147:10-11;
Mga Taga-Filipos 4:8

Q.23. Ano pa ang ibinigay ng Diyos kay Adan at Eba maliban sa kanilang mga katawan?
A. Binigyan sila ng Diyos ng Kaluluwa* na hindi kailanman mamamatay**.**
Genesis 2:7; Deuteronomio 6:5; Ang Mangangaral 12:7; Mateo 16:26

Q.24. Mayroon ka bang katawan at kaluluwa*?
A. Oo, meron akong kaluluwa* na hindi kailaman mamamatay.
Zacarias 12:1; Mga Gawa 7:59; 2 Mga Taga-Corinto 5:8

Q.25. Sino si Adan at Eba noong sila ay ginawa ng Diyos?
A. Ginawa ng Diyos na masaya at banal* na mga nilalang sina Adan at Eba. Kasama ng Diyos, sila ay nakatira sa isang hardin ginawa para lamang sa kanila.
Genesis 1:26-28; Genesis 2:15-17; Genesis 2:25; Mga Awit 8:4-8

Q.26. Ano ang hiniling ng Diyos kina Adan at Eba?
A. Hiniling ng Diyos na sya'y pag-katiwalaan* at sundin nang buong puso*. Genesis 2:15-17; Mga Awit 8:4-8

PANGALAWANG BAHAGI
KASALANAN*

Q.27. Nanatili bang banal*, masaya, at masunurin sa Diyos sina Adan at Eba?
A. Hindi sila sumunod sa utos ng Diyos. Pinili nilang magkasala sa Diyos.
Genesis 3:6-8

Q.28. Ano ang Kasalanan*?
A. Ang kasalanan* ay ang pag-suway at pag-talikod sa mga utos ng Diyos.
Mga Taga-Roma 1:32; Santiago 2:10-11; Santiago 4:17; 1 Juan 3:4

Q.29. Ano ang nararapat na kaparusahan sa isang kasalanan?
A. Galit at poot ng Diyos ang kaparusahan ng isang kasalanan.
Deuteronomio 27:26; Mga Taga-Roma 1:18; Mga Taga-Roma 6:23; Mga Taga-Efeso 5:6

Q.30. Ang ang kasalanan* ng una nating magulang?
A. Sila ay kumain ng prutas na ipagbawal ng Diyos.
Genesis 2:16-17; Genesis 3:6

Q.31. Sino ang tumukso sa kanila upang magkasala?
A. Ang demonyo* ang tumukso kay Eba na kainin ang prutas, na siya namang ibinigay nya kay Adan.
Genesis 3:1-5; Juan 8:44; 2 Mga Taga-Corinto 11:3; Pahayag 12:9

Q.32. Ano ang nangyari sa mundo nang magkasala ang ating unang magulang?
A. Isinumpa* ng Diyos ang lupa na naging sanhi ng kamatayan sa lahat ng nilalang sa mundo na naaayon sa babala ng Dios sa kanila.
Genesis 2:15-17; Genesis 3:16-17

Q.33. Ano ang nangyari sa ating unang magulang nang sila ay nagkasala?

A. Pinaalis ng Diyos si Adan at Eba mula sa hardin. Hindi na sila banal* at masaya. Sa halip, sila ay naging makasalanan*, puno ng hiya, at takot.
Genesis 3:8-13; Genesis 3:16-19; Genesis 3:23

Q.34. Dahil sa kasalanan ni Adan, ano ang nangyari sa lahat ng taong ipinanganak kasunod nya?

A. Lahat nang ipinanganak kasunod ni Adan at Eba ay naging makasalanan* na rin.
Mga Awit 51:5; Mga Taga-Roma 5:18-19; 1 Mga Taga-Corinto15:21-22

Q.35. Hinayaan ba ng Diyos ang mundo sa ilalim ng isang sumpa* at tuluyang malugmok ang tao sa kanyang mga kasalanan?

A. Hindi, pinili ng Diyos na iligtas* ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang Tagapagligtas* na Kanyang ipinangako.
Mateo 1:21; Juan 3:16-17; 1 Juan 4:14

PANGATLONG BAHAGI
ANG TAGAPAGLIGTAS*: HESU KRISTO*

Q.36. Sino ang Tagapagligtas*?
A. Ang tanging Tagapagligtas* ng mga makasalanan* ay ang Panginoong* Hesu Kristo*.
Lucas 2:11; Mga Gawa 4:11-12; 1 Timoteo1:15

Q.37. Sino si Hesu Kristo*?
A. Si Hesu Kristo* ay ang walang hanggang* anak ng Diyos.
Juan 1:1,14,18; Juan 3:16,18; Mga Taga-Galacia 4:4; 1:15-18;
Mga Hebreo 1:1-3; 1 Juan 5:20

Q.38. Bakit ipinadala ng Diyos ang Kanyang anak sa mundo?
A. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang anak sa mundo dahil sa Kanyang pagmamahal sa buong sanlibutan. Ipinadala nya ang Kanyang anak dahil siya ay Diyos na puno ng awa at grasya.
Mga Awit 103:8-11; Juan 3:16-17; Mga Taga-Roma 5:7-8; Mga Taga-Efeso 2:4-5; 1 Juan 4:9-10

Q.39. Si Hesu Kristo* ba ay Diyos at tao?
A. Oo, si Hesus ay ganap na Diyos at ganap na tao.
Juan 1:1-3, 14; Mga Taga-Filipos 2:5-11; Mga Taga-Colosas 2:9; Mga Hebreo 2:14-18

Q.40. Ano ang ginawa ni Hesus na ang Tagapagligtas*?
A. Sinunod niya ang lahat ng utos ng Diyos at inako niya ang mga kaparusahan para sa kasalanan* ng sanlibutan.
Mga Taga-Roma 8:3-4; Mga Taga-Filipos 2:7-8; Mga Hebreo 4:15; Mga Hebreo 9:14-15

Q.41. Bakit namatay si Hesus?
A. Ang pagkamatay ni Hesus ay paraan para mawala ang matinding galit ng Diyos dahil sa kasalanan* ng lahat ng nilalang.
Marcos10:45; 2 Mga Taga-Corinto 5:19-21; Mga Taga-Galacia 3:13

Q.42. Papaano nagdusa ang walang hanggang*Anak ng Diyos upang kapalit sa mga taong makasalanan*?
A. Ang anak ng Diyos na si Hesus ay naging tao.
Juan 1:14; Mga Taga-Galacia 4:4,5; Mga Taga-Colosas 2:9

Q.43. Papaano naging tao ang anak ng Diyos?
A. Nagkatawang tao siya lalang* ng Banal na Espiritu*, ipinanganak ng birheng* Maria.
Isaias 7:14; Mateo 1:18-21

Q.44. Paano namuhay si Hesu Kristo* sa mundo?
A. Isang simple, marangal*, at mapagpakumbabang buhay.
Mateo 8:20; Mateo 11:28-30; Lucas 4:18-19; 2 Mga Taga-Corinto 8:9; 2 Mga Taga-Corinto 10:1

Q.45. Nagkasala ba ang Panginoong* Hesu Kristo*?
A. Hindi, si Hesus at banal* at dalisay.
Juan 8:29; 2 Mga Taga-Corinto 5:21; Mga Hebreo 7:26; 1 Pedro 2:21-23

Q.46. Papaano namatay si Hesu Kristo*?
A. Si Hesu Kristo ay namatay sa pagkakapako siya sa krus*.
Lucas 23:33; Mga Taga-Galacia 3:13; Mga Taga-Filipos 2:8

Q.47. Nanatili bang patay si Hesu Kristo?
A. Hindi, si Kristo* ay nabuhay muli pagkalipas ng tatlong araw.
Mateo 28:5-7; Lucas 24:5-8; Mga Taga-Roma 4:25; 1 Mga Taga-Corinto15:3,4

Q.48. Sino ang ililigtas* ng Diyos sa kasalanan*?
A. Ililigtas* ng Diyos ang sinumang mag-sisisi* sa kanilang mga kasalanan* at sinumang maniniwala sa Panginoong* Hesu Kristo.
Marcos1:14,15; Juan 3:16-18; Mga Gawa 20:21

Q.49. Ano ba ang pag-sisisi*?
A. Ang pag-sisisi* ay ang pag-amin sa mga kasalanang nagawa at pagtalikod sa mga ito dahil hindi kalugod-lugod sa Diyos.
Lucas 19:8-10; 2 Mga Taga-Corinto 7:9-10; 1 Thessalonians 1:9-10

Q.50. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng pananampalataya* kay Kristo*?
A. Ito ang paniniwala at pag-tiwala* kay Hesus na Siya ang tanging tagapagligtas* ng sanlibutan.
Juan 14:6; Mga Gawa 4:12; 1 Timoteo2:5; 1 Juan 5:11-12

Q.51. Maaari ka bang magsisi* at maniwala kay Kristo* ayon sa ng iyong sariling kapangyarihan?
A. Hindi, kinakailangan ko ang tulong ng Banal* na Espiritu*.
Jeremias 13:23; Juan 3:5-6; Juan 6:44; 1 Mga Taga-Corinto2:14

Q.52. Saan malalaman ang katotohanan tungkol kay Kristo?
A. Malalaman ito sa pamamagitan ng pagbabasa ng ebanghelyo sa Bibliya. Ito ang mabuting balita na patungkol sa Tagapagligtas* ng lahat ng nilalang, si Hesu Kristo.
Marcos1:1; Mga Gawa 15:7; Mga Taga-Roma 1:16-17

Q.53. Ano ang mga pagpapalang* matatanggap natin kung naniwala tayo kay Hesu Kristo?
A. Ang kapatawaran* ng Diyos, ang pagtanggap nya sa atin bilang banal* na nilalang, ang pagtanggap Niya sa atin bilang Kanyang minamahal na mga anak at kapamilya, at ang pagbigay sa atin ng Diyos ng perpektong katawan at kaluluwa* sa ating muling pagkabuhay*.
Mga Taga-Roma 5:18; Mga Taga-Galacia 4:4-6; Mga Taga-Efeso 1:5; Mga Hebreo 10:10-14; 1 Juan 3:2

Q.54. Pinagpapala* ba ako ng Diyos dahil sa aking kabait at tamang gawa?

A. Pinagpala ka dahil sa grasya na ibinibigay ng Diyos sa atin at hindi dahil sa ating kabaitan o mga magagandang gawain. Kung tutuusin, hindi nga tayo karapat-dapat para bigyan ng biyaya dahil makasalanan tayo.
Isaias 64:6; Mga Taga-Efeso 2:8-9; Tito 3:4-7

Q.55. Iiwan ba ng Diyos ang mga taong totoong nagtitiwala* sa Kanya?

A. Hindi iiwan kailanman ng Diyos ang mga nagtitiwala* na si Hesus ang Tagapagligtas* nila.
Juan 10:27-30; Mga Taga-Roma 8:38-39; Mga Taga-Filipos 1:6; 1 Pedro 1:3-5

Q.56. Ano ang grasya ng Diyos?

A. Ang grasya ng Diyos ay ang Kanyang pag-ibig at kabutihan sa atin na kanyang ibinibigay kahit hindi tayo karapat dapat na bigyan.
Exodo 34:6; Mga Taga-Efeso 1:7-8; 2 Mga Taga-Corinto 8:9

PANGAPAT NA BAHAGI
PAG-ASA

Q.57. Nasaan ngayon si Kristo?
A. Si Kristo ay nasa langit*, nakaupo sa kanang bahagi ng Diyos Ama.
Marcos 16:19; Mga Gawa 5:31; Mga Taga-Roma 8:34

Q.58. Babalik ba muli si Kristo* sa mundong ito?
A. Oo. Sa mga huling araw, si Kristo* ay babalik muli sa mundong ito at Siya ang maghuhusga sa lahat ng tao. Si Kristo* ang magliligtas* sa mga taong naghihintay sa Kanya.
Mateo 25:31-32; 2 Mga Taga-Tesalonica 1:7-9; 2 Timoteo 4:1; Mga Hebreo 9:28

Q.59. Ano ang mangyayari sa mga taong matutuwid na namumuhay kapag sila ay lumisan na?
A. Ang katawan nila ay magiging alabok at babalik sa lupa, at ang kaluluwa ay mababalik sa Dios. Genesis 3:19; Ang Mangangaral 12:7; 2 Mga Taga-Corinto 5:8

Q.60. Ano ang mangyayari sa mga hindi matuwid* na namumuhay kapag sila ay lumisan na?
A. Ang katawan nang hindi matuwid* ng namumuhay pa ay magiging alabok at mauuwi sa lupa, at ang diwa ay mapupunta sa ilalim ng kaparusahan hanggang sa araw ng paghuhukom.
Lucas 16:23-24; Juan 5:28-29; 2 Pedro2:9

Q.61. Ang namatay ba ang mababuhay muli?
A. Oo, magkakaroon ng pagkabuhay muli sa pagbabalik ni Kristo*.
Daniel 12:2; Juan 5:28-29; Mga Gawa 24:14-15

Q.62. Ano ang mangyayari sa mga taong hindi matuwid* sa pagdating ng pag-huhukom ni Kristo*?

A. Sila ay hahatulan ng Diyos ayon sa kanilang mga nagawa. Tatanggap sila ng kaparusahan, at walang hanggang* kapahamakan sa impyerno*. Mawawala sila sa presensya ng Diyos magpakailanman.
Mateo 25:41,46; Marcos 9:47,48; Lucas 12:5; Lucas 16:23-26; 2 Mga Taga-Tesalonica1:9; Pahayag 20:12-15

Q.63. Ano ang mangyayari sa mga taong matuwid* sa pag dating ng pag-huhukom ni Kristo*?

A. Sila ay mananahan sa piling ng Diyos ng may lubos na kagalakan. Sila ay tatahan sa bagong langit* at bagong mundo.
Isaias 66:22-23; 2 Pedro3:13; Pahayag 21:2-4

Q.64. Ano ang bagong langit* at bagong mundo?

A. Sa bagong langit* at bagong mundo, makakasama nating ang Diyos magpakailanman. Wala na ang sumpa*. Wala nang sakit, karamdaman, at lungkot sa bagong langit* at bagong mundo. Wala ng takot, hiya, at kasalanan. Ang tanging nararanasan natin ay ang kagalakang nagmumula sa Diyos.
Mga Hebreo 12:22-23; Jude 24; Pahayag 21:1-5; Pahayag 22:1-4.

Ang mga sumusunod na katesismo ay ginamit upang magawa ito:
•The Westminster Shorter Catechism •The Heidelberg Catechism •A Small Catechism by Martin Luther •The Geneva Catechism by Juan Calvin •Catechism for Young People, published by Hayes Town Chapel Evangelical Church, Middlesex, England •Catechism for Young Children, published by Reformed Baptist Church of Grand Rapids, Michigan •The Catechism for Young Children with Cartoons, published by Vic Lockman, Ramona, California •Spurgeon's Catechism, published by Word of Truth Publishing, Canton, Georgia •The Shorter Catechism: A Baptist Version, published by Simpson Publishing Company, Boonton, New Jersey •A Catechism published by Bob Jones University Press, Greenville, South Carolina •Kristo My Only Comfort: The Heidelberg for Baptists, publisher unknown

LISTAHAN NG MGA SALITA

Anghel	Ang anghel ay isang lingkod ng Diyos na nagdadala ng Kanyang mensahe. Ang anghel ay espiritu*. Ito ay nagsasabi nang mga mabubuting bagay tungkol sa Diyos, sinusunod ang utos ng Diyos, at gumagawa nang mabuti para sa mga mga taong kasama sa pamilya ng Diyos. Sinisilbihan ng masamang anghel ang demonyo*.
Banal	Ito ay ang pagiging laan para sa Diyos, ibinukod upang maging tulad Nya, upang maging banal at walang kasalanan*. Ito ay ang pagiging kalugod-lugod sa mata ng Diyos.
Banal na Espiritu	Ang Espiritu* ng Diyos ay ipinadala ni Hesus upang tulungan ang tao. Ang Banal* na Espiritu* ay isa ring pangalan ng Diyos na tinatawag na Espiritu* ng Diyos at Espiritu* ni Kristo. Ang Banal* na Espiritu* ay isang persona ngunit ito ay hindi tao tulad natin. Siya ay kapantay ng Diyos Ama, at Diyos Anak. [basahin ang Pagiging Tatlo]. Walang mang nakakakita sa Banal* na Espiritu*, siya ay nananahan sa mga tao na naniniwala kay Hesus.
Bendisyon	Ang bendisyon ay ang mabubuting bagay na ikinaloob ng Diyos para sa atin. Kapag tayo ay humingi ng bendisyon sa Diyos, hinihingi natin na tayo'y Kanyang tulungan, at maging mabuti sa atin.
Birhen	Ang birhen ay isang tao na hindi pa nakakaranas ng pagtatalik.
Demonyo	Ang demonyo ay isa sa mga tawag kay Satanas*. Si Satanas* ay ang pinaka-masama sa mga masasamang anghel* [tingnan ang anghel].

Espiritu	Ang Espiritu ay isang nilalang na walang katawan at walang sinuman ang maaaring makakita nito. Ang Diyos ay Espiritu*. Ang Diyos ay lumikha din ng iba pang nilalang na espiritu (anghel*) na hindi natin nakikita. Sila ay maaari mabubuti o masamang nilalang. Ang kaluluwa ng isang tao ay minsay tinatawag na espirito ng tao [basahin ang kaluluwa*].
Impyerno	Ang impyerno ay ang lugar kung saan inihiwalay ng Diyos ang mga masasamang tao mula sa Kanyang sarili. Ang lugar na ito ay kaparusahan para sa masasamang tao pagkaraan ng kanilang kamatayan.
Kaligtasan	Ito ay ang pagsalba sa atin ng Diyos bunga ng ating mga kasalanan*
Kalualhatian/lualhatiin	Ang kalualhatian/lualhatiin ng Diyos ay ang lahat ng magagandang bagay na ginagawa ng Diyos, halintulad ng isang dakilang hari.
Kaluluwa	Ang kaluluwa ay bahagi ng isang tao na hindi natin nakikita. Ito ay nananatiling buhay kahit patay na an gating katawan. Binigyan ng Diyos ng kaluluwa si Adan at Eba nang buhayin sila sa pamamagitan ng kanyang hininga.
Kapatawaran	Ang kapatawaran ay ang pagpapakita ng pagmamahal. Ito rin ang pag-limot sa mga taong nakasakit sa atin. Kapag ang Diyos nagpatawad, hindi Niya na ito ginagamit laban sa atin.
Kasalanan/ Makasalanan	Kasalanan ay ang mga maling bagay na ginagawa ng mga tao laban sa Diyos o laban sa iba pang mga tao. Ang hindi pag-sunod sa mga utos ng Diyos ay isang kasalanan. Lahat ng tao na makasalanan.
	Ang krus ay karaniwang dalawang tabla ng kahoy na

Krus	pinako sa isa't isa na hugis ekis. Noong si Kristo ay nabubuhay pa, pinapako ang mga criminal sa krus bilang parusa. Si Hesus ay namatay sa Krus.
Lalang	Ito ay ang sandaling paggawa ng isang sanggol kapag ang isang bagong buhay ay nagsisimula sa katawan ng isang babae.
Langit	Ang langit ay ang lugar kung nasaan ang Diyos Ama at ang Diyos Anak na si Hesus. Sila ay namumuno doon. Dito mananahan ang lahat nang nakakakilala kay Hesus. Wala nang gulo o lungkot, kundi ang kagalakang walang hanggang. Ang bagong langit at bagong mundo ay ang tirahan ng lahat nang nagtitiwala sa Diyos.
Mananampalataya	Isang tao na may pananampalataya at nagtitiwala kay Kristo.
Marangal	Ang pamumuhay nang mabuti na nagpapakita nang paggalang at pagmamahal sa Diyos at tao.
Matuwid	Ang pagiging kalugod-lugod sa Diyos. Ito ay ang mga taong sumusunod ang Diyos at ang Kanyang mga turo. Sila ay mga kaibigan at anak ng Diyos.
Muling pagkabuhay	Ang mabuhay muli.
Pag-ampon	Isang legal na gawain na nagpapabisa sa isang tao na makabilang sa isang pamilya na mag-aaruga at kikilalanin sya bilang kanyang sariling anak. Dati rati, tayo ay mga estranghero at kaaway ng Diyos. Ngunit ngayon, tinatawag tayo ng Diyos na Kanyang minamahal na mga anak.
Pag-sisisi	Ito ay buong pusong pag-talikod sa dating buhay na makasalanan*. Ito ay ang pag-sunod sa mga utos ng Diyos.

Pagpapala/Grasya	Ang pagpapala ay isang regalo ng Diyos na hindi kailanman karapatdapat ibigay sa atin dahil sa ating mga kasalaman. Ngunit kusa Niya itong ibinibigay. Ang pagpapala ay ang binibigay sa atin ng Diyos dahil Siya ay mabuti. Binigyan tayo ng Diyos ng kapatawaran* at tulong na tangi lamang Siyang makakabigay.
Pananampalataya	Ang paniniwala sa isang tao o bagay. Ito ay ang tiwala at paniniwala sa Diyos na Siya ay totoo, kahit hindi natin Siya nakikita
Panginoon	Ang Panginoon ay pangalan ng Diyos sa Bibliya. Ito ay nangangahulugan na Siya ay namumuno at naghahari ng lahat ng bagay. Ito rin ay ang isang pangalan na ginagamit para kay Hesus kapag sinusunod natin Siya.
Puso	Ang puso ay ang pinaka mahalagang bahagi sa isang tao. Ang puso ay ang nagiisip, nagpaparamdam, at nagpapasya sa mga bagay-bagay.
Satanas	Satanas ay isa sa mga pangalan ng demonyo*. Si Satanas ay ang pinaka masama sa lahat nang masasamang demonyo*. [basahin ang angel].
Sumpa	Isang malakas na salita na maaaring magdulot ng pinsala o parusa sa isang tao o isang bagay.
Tagapagligtas	Si Hesu Kristo ang Tagapagligtas. Siya ay ang nagbabalik sa atin sa Diyos Ama, inililigtas tayo mula sa kaparusahan dulot ng kasalanan.
Tiwala	Ang tiwala ay ang pag-sunod at paniniwala na ang isang tao o bagay ay totoo. Ang pagkakaroon ng pananampalataya* at pag-kilos ng may pananampalataya. [basahin ang pananampalataya].

Walang hanggan	Ito ay walang simula o walang kawakasan.